EPS-TOPIK vocabulary: 240 salita para sa trabaho sa Korea

thevibelab.net/tl/exam/eps-topik-vocabulary/ · Hindi opisyal na listahan ito para sa pag-aaral, na binuo ng Vibe Lab mula sa mga salitang madalas gamitin sa EPS-TOPIK at sa trabaho sa Korea. Hindi ito ang opisyal na textbook o word list ng HRD Korea. Tingnan ang mga opisyal na site para sa registration at petsa ng exam.

👋 Pagbati at mga pangungusap sa trabaho 16 salita

안녕하십니까
annyeonghasimnikka ekspresyon

Magandang araw po (napakagalang na bati)

사장님, 안녕하십니까?

Magandang araw po, boss.

수고하셨습니다
sugohasyeotseumnida ekspresyon

Salamat po sa pagod ninyo (sinasabi pagkatapos ng trabaho)

오늘도 수고하셨습니다.

Salamat po sa pagod ninyo ngayong araw.

수고하세요
sugohaseyo ekspresyon

Sige, galingan ninyo (sinasabi kapag aalis ka na)

먼저 갈게요. 수고하세요.

Mauuna na ako. Galingan ninyo.

먼저 퇴근하겠습니다
meonjeo toegeunhagetseumnida ekspresyon

Mauuna na po akong umuwi

일이 끝났어요. 먼저 퇴근하겠습니다.

Tapos na ang trabaho ko. Mauuna na po akong umuwi.

잘 부탁드립니다
jal butakdeurimnida ekspresyon

Sana po ay gabayan ninyo ako (sa unang pagkikita)

오늘 처음 왔어요. 잘 부탁드립니다.

Unang araw ko po ngayon. Sana po ay gabayan ninyo ako.

알겠습니다
algetseumnida ekspresyon

Opo, naiintindihan ko; Sige po

네, 알겠습니다. 지금 할게요.

Opo, naiintindihan ko. Gagawin ko na po ngayon.

잘 모르겠습니다
jal moreugetseumnida ekspresyon

Hindi ko po masyadong naiintindihan; Hindi po ako sigurado

죄송합니다. 잘 모르겠습니다.

Pasensya na po. Hindi ko po masyadong naiintindihan.

다시 한번 말씀해 주세요
dasi hanbeon malsseumhae juseyo ekspresyon

Pakiulit po

죄송해요. 다시 한번 말씀해 주세요.

Pasensya na po. Pakiulit po.

천천히 말씀해 주세요
cheoncheonhi malsseumhae juseyo ekspresyon

Pakibagalan po ang pagsasalita

한국어를 잘 못해요. 천천히 말씀해 주세요.

Hindi pa po ako magaling mag-Korean. Pakibagalan po ang pagsasalita.

도와주세요
dowajuseyo ekspresyon

Patulong po

이거 너무 무거워요. 좀 도와주세요.

Sobrang bigat po nito. Patulong naman po.

괜찮으세요
gwaenchaneuseyo ekspresyon

Okay lang po ba kayo?

많이 다쳤어요? 괜찮으세요?

Malala po ba ang sugat ninyo? Okay lang po ba kayo?

죄송합니다
joesonghamnida ekspresyon

Pasensya na po; Sorry po

죄송합니다. 다시 하겠습니다.

Pasensya na po. Uulitin ko po.

감사합니다
gamsahamnida ekspresyon

Salamat po

가르쳐 주셔서 감사합니다.

Salamat po sa pagtuturo ninyo.

식사하셨어요
siksahasyeosseoyo ekspresyon

Kumain na po ba kayo? (karaniwang pagbati)

반장님, 식사하셨어요?

Team leader, kumain na po ba kayo?

다녀오겠습니다
danyeoogetseumnida ekspresyon

Aalis lang po ako sandali (sinasabi kapag lalabas)

은행에 다녀오겠습니다.

Pupunta lang po ako sa bangko. Babalik din po ako.

질문이 있어요
jilmuni isseoyo ekspresyon

May tanong po ako

반장님, 질문이 있어요.

Team leader, may tanong po ako.

👷 Mga tao sa trabaho 16 salita

사장님
sajangnim pangngalan

boss; may-ari ng kumpanya

사장님이 공장에 오셨어요.

Dumating ang boss sa pabrika.

반장님
banjangnim pangngalan

team leader; foreman

모르면 반장님께 물어보세요.

Kung hindi mo alam, magtanong ka sa team leader.

동료
dongnyo pangngalan

katrabaho

동료와 같이 점심을 먹어요.

Sabay kaming kumakain ng tanghalian ng mga katrabaho ko.

관리자
gwallija pangngalan
manager; supervisor
문제가 생기면 관리자에게 말하세요.
Kung may problema, sabihin mo sa manager.

과장님
gwajangnim pangngalan
section chief; manager
과장님이 서류를 주셨어요.
Binigyan ako ng section chief ng mga dokumento.

근로자
geulloja pangngalan
manggagawa
이 공장에는 근로자가 50명 있어요.
May 50 manggagawa sa pabrikang ito.

외국인
oegugin pangngalan
dayuhan; foreigner
우리 회사에는 외국인 동료가 많아요.
Maraming dayuhang katrabaho sa kumpanya namin.

사업주
saeopju pangngalan
employer
사업주는 근로계약서를 줘야 해요.
Kailangang bigyan ka ng employer ng employment contract.

직원
jigwon pangngalan
empleyado; staff
새 직원이 오늘 왔어요.
May bagong empleyadong dumating ngayon.

신입
sinip pangngalan
baguhan; bagong empleyado
저는 신입이라서 아직 잘 몰라요.
Baguhan pa lang ako, kaya marami pa akong hindi alam.

선배
seonbae pangngalan
senior (mas naunang nagtrabaho sa iyo)
선배가 기계 쓰는 법을 가르쳐 줬어요.
Tinuruan ako ng senior ko kung paano gamitin ang makina.

후배
hubae pangngalan
junior (mas huling nagtrabaho sa iyo)
후배에게 일을 가르쳐 주세요.
Turuan mo ng trabaho ang junior mo.

통역사
tongyeoksa pangngalan
interpreter; tagasalin
말이 안 통해요. 통역사가 필요해요.
Hindi kami magkaintindihan. Kailangan namin ng interpreter.

상담원
sangdamwon pangngalan
counselor; tagapayo
상담원에게 전화로 물어보세요.
Magtanong ka sa counselor sa telepono.

경비원
gyeongbiwon pangngalan
security guard; guwardiya
밤에는 경비원이 공장을 지켜요.
Sa gabi, binabantayan ng guwardiya ang pabrika.

담당자
damdangja pangngalan
taong in charge; responsable
이 일의 담당자가 누구예요?
Sino ang in charge sa trabahong ito?

🏭 Pabrika at makina 16 salita

공장
gongjang pangngalan
pabrika
저는 자동차 부품 공장에서 일해요.
Nagtatrabaho ako sa pabrika ng piyesa ng sasakyan.

기계
gigye pangngalan
makina
기계가 갑자기 멈췄어요.
Biglang huminto ang makina.

작업장
jageopjang pangngalan
lugar ng trabaho; work area
작업장에서는 뛰지 마세요.
Bawal tumakbo sa work area.

창고
changgo pangngalan
bodega
상자를 창고에 넣으세요.
Ilagay ang mga kahon sa bodega.

부품
bupum pangngalan
piyesa; parte
부품이 하나 없어요.
May isang piyesang kulang.

제품
jepum pangngalan
produkto
완성된 제품을 상자에 넣어요.
Inilalagay namin sa kahon ang mga tapos na produkto.

불량품
bullyangpum pangngalan
depektibong produkto; reject
불량품은 따로 놓으세요.
Ihiwalay ang mga depektibong produkto.

재료
jaeryo pangngalan
materyales
재료가 다 떨어졌어요.
Ubos na ang materyales.

전원
jeonwon pangngalan
power (kuryente)
일이 끝나면 전원을 끄세요.
Pagkatapos ng trabaho, patayin ang power.

스위치
seuwichi pangngalan
switch
빨간 스위치를 누르면 기계가 멈춰요.
Kapag pinindot mo ang pulang switch, hihinto ang makina.

지게차
jigecha pangngalan
forklift
지게차가 지나가요. 조심하세요.
May dumadaang forklift. Mag-ingat ka.

컨베이어
keonbeieo pangngalan
conveyor belt
컨베이어에 손을 넣지 마세요.
Huwag mong ipasok ang kamay mo sa conveyor.

고장
gojang pangngalan
sira (makina)
기계가 고장 났어요.
Nasira ang makina.

작업복
jageopbok pangngalan
damit-pantrabaho; uniporme
작업복으로 갈아입으세요.
Magpalit ka ng damit-pantrabaho.

라인
rain pangngalan
(production) line
오늘은 2번 라인에서 일하세요.
Sa line 2 ka magtrabaho ngayon.

용접
yongjeop pangngalan
welding; paghihinang
용접할 때는 보안면을 쓰세요.
Magsuot ng face shield kapag nagwe-welding.

🔧 Mga tool 16 salita

공구
gonggu pangngalan
tool; kasangkapan
공구를 쓰고 제자리에 놓으세요.
Pagkagamit ng mga tool, ibalik ang mga ito sa lalagyan.

망치
mangchi pangngalan
martilyo
망치로 못을 박아요.
Pinupukpok ko ang pako gamit ang martilyo.

못
mot pangngalan
pako
바닥에 못이 떨어져 있어요.
May pakong nahulog sa sahig.

드라이버
deuraibeo pangngalan
distornilyador (screwdriver)
드라이버 좀 갖다주세요.
Pakiabot naman ang distornilyador.

나사
nasa pangngalan
turnilyo
나사를 꽉 조이세요.
Higpitan nang mabuti ang turnilyo.

스패너
seupaeneo pangngalan
liyabe (spanner; wrench)
스패너로 볼트를 조이세요.
Higpitan ang bolt gamit ang liyabe.

펜치
penchi pangngalan
plais (pliers)
펜치로 철사를 잘라요.
Pinuputol ko ang alambre gamit ang plais.

드릴
deuril pangngalan
barena (drill)
드릴로 벽에 구멍을 뚫어요.
Binubutas ko ang pader gamit ang barena.

톱
top pangngalan
lagari
톱으로 나무를 잘라요.
Pinuputol ko ang kahoy gamit ang lagari.

칼
kal pangngalan
kutsilyo; cutter
칼을 쓸 때 조심하세요.
Mag-ingat kapag gumagamit ng kutsilyo.

가위
gawi pangngalan
gunting
가위로 테이프를 잘라 주세요.
Pakigupit ang tape gamit ang gunting.

줄자
julja pangngalan
medida (tape measure)
줄자로 길이를 재세요.
Sukatin ang haba gamit ang medida.

사다리
sadari pangngalan
hagdan (ladder)
사다리를 꽉 잡아 주세요.
Pakihawakan nang mahigpit ang hagdan.

삽
sap pangngalan
pala
삽으로 흙을 퍼요.
Sumasalok ako ng lupa gamit ang pala.

테이프
teipeu pangngalan
tape
상자를 테이프로 붙이세요.
Selyuhan ang kahon gamit ang tape.

손수레
sonsure pangngalan
kartilya; kariton
손수레로 벽돌을 옮겨요.
Naglilipat ako ng ladrilyo gamit ang kartilya.

⛑️ Safety gear 16 salita

안전모
anjeonmo pangngalan
hard hat; safety helmet
현장에서는 안전모를 꼭 쓰세요.
Laging magsuot ng hard hat sa site.

안전화
anjeonhwa pangngalan
safety shoes
안전화를 신고 들어가세요.
Magsuot ng safety shoes bago pumasok.

안전장갑
anjeonjanggap pangngalan
safety gloves
안전장갑을 끼고 일하세요.
Magsuot ng safety gloves habang nagtatrabaho.

안전복
anjeonbok pangngalan
protective clothing; damit-pamproteksyon
이 작업장에서는 안전복을 입어야 해요.
Sa work area na ito, kailangang magsuot ng protective clothing.

마스크
maseukeu pangngalan
mask
먼지가 많아요. 마스크를 쓰세요.
Maalikabok dito. Magsuot ka ng mask.

보안경
boangyeong pangngalan
safety glasses; goggles
기계를 쓸 때 보안경을 쓰세요.
Magsuot ng safety glasses kapag gumagamit ng makina.

귀마개
gwimagae pangngalan
earplugs
시끄러우니까 귀마개를 하세요.
Maingay, kaya mag-earplugs ka.

안전벨트
anjeonbelteu pangngalan
safety harness; safety belt
안전벨트 없이 올라가지 마세요.
Huwag umakyat nang walang safety harness.

보호구
bohogu pangngalan
protective equipment (PPE)
일하기 전에 보호구를 확인하세요.
I-check muna ang protective equipment mo bago magtrabaho.

소화기
sohwagi pangngalan
fire extinguisher
불이 나면 소화기를 쓰세요.
Kapag may sunog, gamitin ang fire extinguisher.

구급상자
gugeupsangja pangngalan
first aid kit
구급상자는 사무실에 있어요.
Nasa opisina ang first aid kit.

쓰다
sseuda pandiwa
magsuot (sa ulo o mukha: sombrero, mask, salamin)
보안경을 쓰고 일해요.
Nagtatrabaho ako nang naka-safety glasses.

신다
sinda pandiwa
magsuot (sa paa: sapatos, medyas)
작업장에서는 안전화를 신어요.
Nagsusuot kami ng safety shoes sa work area.

끼다
kkida pandiwa
magsuot (ng gloves o singsing)
장갑을 끼세요.
Isuot mo ang gloves mo.

매다
maeda pandiwa
ikabit; itali (belt o harness)
높은 곳에서는 안전벨트를 꼭 매세요.
Sa matataas na lugar, laging ikabit ang safety harness.

착용하다
chagyonghada pandiwa
magsuot (pormal)
보호구를 꼭 착용하세요.
Siguraduhing nakasuot ng protective equipment.

⚠️ Safety signs at panganib 16 salita

위험
wiheom pangngalan
panganib; delikado
위험! 들어가지 마세요.
Delikado! Bawal pumasok.

주의
juui pangngalan
ingat; caution
바닥이 젖었어요. 미끄럼 주의!
Basa ang sahig. Ingat, madulas!

금지
geumji pangngalan
bawal; ipinagbabawal
여기에서는 사진 촬영이 금지예요.
Bawal kumuha ng litrato dito.

출입금지
churipgeumji pangngalan
bawal pumasok
출입금지 구역에 들어가면 안 돼요.
Hindi ka puwedeng pumasok sa lugar na bawal pasukin.

금연
geumyeon pangngalan
bawal manigarilyo
공장 안은 금연이에요.
Bawal manigarilyo sa loob ng pabrika.

화기금지
hwagigeumji pangngalan
bawal ang apoy
화기금지! 라이터를 켜지 마세요.
Bawal ang apoy! Huwag magsindi ng lighter.

비상구
bisanggu pangngalan
emergency exit
불이 나면 비상구로 나가세요.
Kapag may sunog, lumabas sa emergency exit.

불
bul pangngalan
apoy; sunog
불이야! 빨리 나가세요!
Sunog! Lumabas kayo agad!

화재
hwajae pangngalan
sunog (aksidente)
화재가 나면 119에 전화하세요.
Kapag may sunog, tumawag sa 119.

사고
sago pangngalan
aksidente
어제 공장에서 사고가 났어요.
May aksidente sa pabrika kahapon.

감전
gamjeon pangngalan
pagkakuryente (electric shock)
젖은 손으로 만지면 감전될 수 있어요.
Kapag hinawakan mo ito nang basa ang kamay, puwede kang makuryente.

고압 전기
goap jeongi pangngalan
high-voltage na kuryente
고압 전기 위험! 만지지 마세요.
Delikado: high voltage! Huwag hawakan.

낙하물
nakamul pangngalan
nahuhulog na bagay
낙하물 주의! 위를 보세요.
Ingat sa nahuhulog na bagay! Tumingin sa itaas.

조심하다
josimhada pandiwa
mag-ingat
바닥이 미끄러워요. 조심하세요.
Madulas ang sahig. Mag-ingat ka.

떨어지다
tteoreojida pandiwa
mahulog; malaglag
위에서 물건이 떨어질 수 있어요.
Puwedeng may mahulog na bagay mula sa itaas.

미끄럽다
mikkeureopda pang-uri
madulas
비가 와서 길이 미끄러워요.
Umulan kaya madulas ang daan.

📦 Utos sa trabaho (pandiwa) 16 salita

옮기다
omgida pandiwa
ilipat; buhatin papunta sa ibang lugar
이 상자를 저쪽으로 옮기세요.
Ilipat mo ang kahong ito doon.

쌓다
ssata pandiwa
isalansan; ipatong-patong
상자를 다섯 개씩 쌓으세요.
Isalansan ang mga kahon nang tiglilima.

넣다
neota pandiwa
ilagay; ipasok
부품을 상자에 넣으세요.
Ilagay ang mga piyesa sa kahon.

꺼내다
kkeonaeda pandiwa
ilabas; kunin
창고에서 재료를 꺼내 오세요.
Kunin ang materyales sa bodega at dalhin dito.

싣다
sitda pandiwa
ikarga (sa sasakyan)
상자를 트럭에 실으세요.
Ikarga ang mga kahon sa trak.

내리다
naerida pandiwa
ibaba; i-unload
트럭에서 짐을 내리세요.
Ibaba ang mga kargamento mula sa trak.

포장하다
pojanghada pandiwa
i-pack; ibalot
제품을 하나씩 포장하세요.
Isa-isang i-pack ang mga produkto.

조립하다
joripada pandiwa
i-assemble; buuin
이 부품들을 조립하세요.
I-assemble ang mga piyesang ito.

정리하다
jeongnihada pandiwa
ayusin; iligpit
일이 끝나면 공구를 정리하세요.
Pagkatapos ng trabaho, iligpit ang mga tool.

청소하다
cheongsohada pandiwa
maglinis
퇴근 전에 작업장을 청소해요.
Nililinis namin ang work area bago umuwi.

확인하다
hwaginhada pandiwa
i-check; tingnan
기계를 켜기 전에 확인하세요.
I-check muna bago i-on ang makina.

켜다
kyeoda pandiwa
i-on; buksan
기계를 켜세요.
I-on ang makina.

끄다
kkeuda pandiwa
i-off; patayin
퇴근할 때 불을 끄세요.
Patayin ang ilaw kapag uuwi ka na.

누르다
nureuda pandiwa
pindutin
이 버튼을 누르세요.
Pindutin ang button na ito.

자르다
jareuda pandiwa
putulin; gupitin
이 선에 맞춰 자르세요.
Putulin ayon sa linyang ito.

들다
deulda pandiwa
buhatin; hawakan
무거운 것은 같이 드세요.
Sabay-sabay ninyong buhatin ang mabibigat na bagay.

🏗️ Construction site 16 salita

공사
gongsa pangngalan
construction; paggawa
이 건물은 지금 공사 중이에요.
Ginagawa pa ngayon ang gusaling ito.

현장
hyeonjang pangngalan
(work) site
아침 7시까지 현장에 오세요.
Pumunta sa site bago mag-alas-7 ng umaga.

건물
geonmul pangngalan
gusali; building
여기에 새 건물을 짓고 있어요.
Nagtatayo kami ng bagong gusali dito.

벽돌
byeokdol pangngalan
ladrilyo; brick
벽돌을 한 줄로 쌓으세요.
Isalansan ang mga ladrilyo nang isang hanay.

시멘트
simenteu pangngalan
semento
시멘트를 물과 섞으세요.
Haluin ang semento sa tubig.

모래
morae pangngalan
buhangin
모래를 여기에 부으세요.
Ibuhos ang buhangin dito.

철근
cheolgeun pangngalan
bakal; rebar
철근을 트럭에서 내려요.
Ibinababa namin ang rebar mula sa trak.

페인트
peinteu pangngalan
pintura
벽에 페인트를 칠해요.
Pinipinturahan namin ang pader.

기둥
gidung pangngalan
poste; haligi
이 기둥은 아주 튼튼해요.
Napakatibay ng posteng ito.

바닥
badak pangngalan
sahig; lupa
바닥에 물건을 두지 마세요.
Huwag mag-iwan ng gamit sa sahig.

벽
byeok pangngalan
pader; dingding
벽에 기대지 마세요. 페인트가 아직 안 말랐어요.
Huwag sumandal sa pader. Hindi pa tuyo ang pintura.

계단
gyedan pangngalan
hagdanan (stairs)
계단에서 뛰지 마세요.
Bawal tumakbo sa hagdanan.

지붕
jibung pangngalan
bubong
지붕 위에서 일할 때 조심하세요.
Mag-ingat kapag nagtatrabaho sa bubong.

크레인
keurein pangngalan
crane
크레인 밑으로 지나가지 마세요.
Huwag dumaan sa ilalim ng crane.

흙
heuk pangngalan
lupa
흙을 트럭에 실어요.
Ikinakarga namin ang lupa sa trak.

짓다
jitda pandiwa
magtayo
여기에 아파트를 지어요.
Nagtatayo sila ng apartment dito.

🌾 Pagsasaka, paghahayupan at pangingisda 16 salita

농장
nongjang pangngalan
farm; bukid
저는 딸기 농장에서 일해요.
Nagtatrabaho ako sa strawberry farm.

비닐하우스
binilhauseu pangngalan
greenhouse (plastik)
비닐하우스 안은 아주 더워요.
Sobrang init sa loob ng greenhouse.

밭
bat pangngalan
taniman (ng gulay)
밭에 배추를 심어요.
Nagtatanim kami ng pechay Baguio sa taniman.

논
non pangngalan
palayan
논에서 벼를 키워요.
Nagtatanim kami ng palay sa palayan.

씨앗
ssiat pangngalan
binhi; buto
봄에 씨앗을 뿌려요.
Nagsasabog kami ng binhi tuwing tagsibol.

심다
simda pandiwa
magtanim
고추를 한 줄로 심으세요.
Itanim ang sili nang isang hanay.

물을 주다
mureul juda pandiwa
magdilig
아침마다 채소에 물을 줘요.
Dinidiligan ko ang mga gulay tuwing umaga.

따다
ttada pandiwa
mamitas (ng prutas o gulay)
빨간 딸기만 따세요.
Pulang strawberry lang ang pitasin.

비료
biryo pangngalan
pataba; abono
비료를 너무 많이 주지 마세요.
Huwag maglagay ng sobrang pataba.

농약
nongyak pangngalan
pestisidyo
농약을 뿌릴 때 마스크를 쓰세요.
Magsuot ng mask kapag nag-i-spray ng pestisidyo.

뿌리다
ppurida pandiwa
mag-spray; magwisik
물을 골고루 뿌리세요.
I-spray nang pantay ang tubig.

수확하다
suhwakada pandiwa
umani; mag-harvest
다음 주에 감자를 수확해요.
Mag-aani kami ng patatas sa susunod na linggo.

소
so pangngalan
baka
아침에 소에게 먹이를 줘요.
Pinapakain ko ang mga baka tuwing umaga.

돼지
dwaeji pangngalan
baboy
돼지 농장은 냄새가 많이 나요.
Talagang mabaho sa babuyan.

배
bae pangngalan
bangka; barko
새벽에 배를 타고 바다에 나가요.
Madaling-araw pa lang, sumasakay na kami ng bangka papunta sa dagat.

그물
geumul pangngalan
lambat
그물을 바다에 던져요.
Inihahagis namin ang lambat sa dagat.

🩹 Katawan, sugat at ospital 16 salita

손가락
songarak pangngalan
daliri
손가락을 다쳤어요.
Nasugatan ang daliri ko.

허리
heori pangngalan
baywang; ibabang bahagi ng likod
무거운 걸 들어서 허리가 아파요.
Masakit ang likod ko kasi nagbuhat ako ng mabigat.

어깨
eokkae pangngalan
balikat
어깨가 너무 아파요.
Sobrang sakit ng balikat ko.

다리
dari pangngalan
binti; paa
넘어져서 다리를 다쳤어요.
Natumba ako at nasaktan ang binti ko.

다치다
dachida pandiwa
masaktan; masugatan
일하다가 손을 다쳤어요.
Nasaktan ang kamay ko habang nagtatrabaho.

아프다
apeuda pang-uri
masakit; may sakit
머리가 아파서 약을 먹었어요.
Masakit ang ulo ko kaya uminom ako ng gamot.

피
pi pangngalan
dugo
피가 나요. 빨리 와 주세요!
Dumudugo! Pakibilisan po ninyo!

붓다
butda pandiwa
mamaga
발목이 부었어요.
Namamaga ang bukung-bukong ko.

열
yeol pangngalan
lagnat
열이 나고 기침을 해요.
May lagnat ako at inuubo.

감기
gamgi pangngalan
sipon
감기에 걸려서 일을 못 했어요.
Nagkasipon ako kaya hindi ako nakapagtrabaho.

병원
byeongwon pangngalan
ospital; klinika
아프면 참지 말고 병원에 가세요.
Kapag may sakit ka, huwag mong tiisin. Pumunta ka sa ospital.

약국
yakguk pangngalan
botika
약국에서 파스를 샀어요.
Bumili ako ng pain relief patch sa botika.

약
yak pangngalan
gamot
이 약은 하루에 세 번 드세요.
Inumin ang gamot na ito nang tatlong beses sa isang araw.

산재
sanjae pangngalan
industrial accident (pinsala sa trabaho)
일하다가 다치면 산재 신청을 할 수 있어요.
Kapag nasaktan ka sa trabaho, puwede kang mag-apply para sa industrial accident compensation.

구급차
gugeupcha pangngalan
ambulansya
구급차를 불러 주세요!
Pakitawag ng ambulansya!

응급실
eunggeupsil pangngalan
emergency room
밤에 많이 아프면 응급실에 가세요.
Kapag masama ang pakiramdam mo sa gabi, pumunta sa emergency room.

💰 Sahod, kontrata at insurance 16 salita

월급
wolgeup pangngalan
buwanang sahod
월급은 매달 10일에 받아요.
Natatanggap ko ang sahod tuwing ika-10 ng buwan.

월급날
wolgeumnal pangngalan
araw ng sahod
오늘이 월급날이에요.
Araw ng sahod ngayon.

잔업
janeop pangngalan
overtime
오늘은 잔업이 두 시간 있어요.
May dalawang oras na overtime ngayon.

수당
sudang pangngalan
allowance; dagdag na bayad
잔업 수당은 얼마예요?
Magkano ang bayad sa overtime?

야근
yageun pangngalan
night work; trabaho hanggang gabi
이번 주에는 야근이 많아요.
Maraming night work ngayong linggo.

근로계약서
geullogyeyakseo pangngalan
employment contract; kontrata sa trabaho
근로계약서를 꼼꼼히 읽어 보세요.
Basahin mong mabuti ang employment contract mo.

최저임금
choejeoimgeum pangngalan
minimum wage
최저임금은 해마다 바뀌어요.
Nagbabago ang minimum wage taun-taon.

4대 보험
sadae boheom pangngalan
apat na social insurance (pension, health, employment at industrial accident)
우리 회사는 4대 보험에 가입했어요.
Naka-enroll ang kumpanya namin sa apat na social insurance.

건강보험
geongangboheom pangngalan
national health insurance
건강보험이 있으면 병원비가 싸요.
Kapag may health insurance ka, mas mura ang bayad sa ospital.

퇴직금
toejikgeum pangngalan
severance pay
1년 이상 일하면 퇴직금을 받아요.
Kapag nagtrabaho ka nang isang taon o higit pa, may makukuha kang severance pay.

급여명세서
geubyeomyeongseseo pangngalan
payslip
급여명세서를 꼭 확인해 보세요.
Siguraduhing tingnan ang payslip mo.

세금
segeum pangngalan
buwis; tax
월급에서 세금을 내요.
Kinakaltasan ng buwis ang sahod.

통장
tongjang pangngalan
bankbook; bank account
월급은 통장으로 들어와요.
Pumapasok ang sahod sa bank account ko.

휴가
hyuga pangngalan
bakasyon; leave
여름에 휴가를 받았어요.
Nakapagbakasyon ako noong summer.

쉬는 날
swineun nal pangngalan
day off; araw ng pahinga
일요일은 쉬는 날이에요.
Day off ko ang Linggo.

사업장 변경
saeopjang byeongyeong pangngalan
paglipat ng trabaho (change of workplace)
사업장 변경은 고용센터에 물어보세요.
Tungkol sa paglipat ng trabaho, magtanong sa Employment Center.

🛏️ Dorm at araw-araw na buhay 16 salita

기숙사
gisuksa pangngalan
dormitoryo; dorm
저는 회사 기숙사에서 살아요.
Nakatira ako sa dorm ng kumpanya.

방
bang pangngalan
kuwarto
방을 동료와 같이 써요.
Kasama ko sa kuwarto ang isang katrabaho.

식당
sikdang pangngalan
kantina; restawran
점심은 회사 식당에서 먹어요.
Sa kantina ng kumpanya ako nananghalian.

화장실
hwajangsil pangngalan
CR; banyo
화장실이 어디에 있어요?
Saan ang CR?

샤워실
syawosil pangngalan
shower room; paliguan
일이 끝나면 샤워실에서 씻어요.
Pagkatapos ng trabaho, naliligo ako sa shower room.

세탁기
setakgi pangngalan
washing machine
세탁기는 1층에 있어요.
Nasa ground floor ang washing machine.

빨래
ppallae pangngalan
labada; paglalaba
주말에 빨래를 해요.
Naglalaba ako tuwing weekend.

쓰레기
sseuregi pangngalan
basura
쓰레기는 여기에 버리세요.
Dito itapon ang basura.

분리수거
bullisugeo pangngalan
paghihiwalay ng basura (recycling)
한국에서는 분리수거를 해야 해요.
Sa Korea, kailangang paghiwa-hiwalayin ang basura.

열쇠
yeolsoe pangngalan
susi
방 열쇠를 잃어버렸어요.
Nawala ko ang susi ng kuwarto ko.

에어컨
eeokeon pangngalan
aircon
더우면 에어컨을 켜세요.
Kapag mainit, buksan ang aircon.

난방
nanbang pangngalan
heater; heating
겨울에는 난방을 켜요.
Binubuksan namin ang heating tuwing winter.

와이파이
waipai pangngalan
Wi-Fi
기숙사에 와이파이가 있어요?
May Wi-Fi ba sa dorm?

휴대폰
hyudaepon pangngalan
cellphone
일할 때는 휴대폰을 보지 마세요.
Huwag tumingin sa cellphone habang nagtatrabaho.

마트
mateu pangngalan
supermarket; grocery
퇴근하고 마트에서 장을 봐요.
Pagkalabas sa trabaho, namimili ako sa supermarket.

외출
oechul pangngalan
paglabas (sandaling pag-alis)
주말에 외출할 때는 반장님께 말하세요.
Kapag lalabas ka sa weekend, sabihan mo ang team leader.

⏰ Oras ng trabaho, araw at pagbilang 16 salita

출근
chulgeun pangngalan
pagpasok sa trabaho
출근 시간은 아침 8시예요.
Alas-8 ng umaga ang pasok.

퇴근
toegeun pangngalan
pag-uwi mula sa trabaho; out
퇴근 후에 뭐 해요?
Ano ang ginagawa mo pagkatapos ng trabaho?

지각
jigak pangngalan
pagka-late
버스를 놓쳐서 지각했어요.
Naiwan ako ng bus kaya na-late ako.

점심시간
jeomsimsigan pangngalan
lunch break
점심시간은 12시부터 1시까지예요.
Ang lunch break ay mula alas-12 hanggang ala-1.

쉬는 시간
swineun sigan pangngalan
break time; pahinga
쉬는 시간에 물을 마셔요.
Umiinom ako ng tubig tuwing break.

주간
jugan pangngalan
day shift; araw
이번 주는 주간 근무예요.
Day shift ako ngayong linggo.

야간
yagan pangngalan
night shift; gabi
다음 주는 야간 근무예요.
Night shift ako sa susunod na linggo.

교대
gyodae pangngalan
palitan ng shift; salitan
저녁 8시에 교대해요.
Alas-8 ng gabi ang palitan ng shift.

평일
pyeongil pangngalan
weekday (Lunes–Biyernes)
평일에는 일하고 주말에는 쉬어요.
Nagtatrabaho ako tuwing weekday at nagpapahinga tuwing weekend.

주말
jumal pangngalan
weekend
주말에도 일해요?
Nagtatrabaho ka rin ba tuwing weekend?

매일
maeil pang-abay
araw-araw
매일 아침 체조를 해요.
Araw-araw kaming nag-e-stretching tuwing umaga.

오전
ojeon pangngalan
umaga; a.m.
오전에는 포장을 해요.
Sa umaga, packing ang ginagawa namin.

오후
ohu pangngalan
hapon; p.m.
오후 3시에 회의가 있어요.
May meeting nang alas-3 ng hapon.

시간
sigan pangngalan
oras
하루에 8시간 일해요.
Walong oras akong nagtatrabaho sa isang araw.

개
gae pangngalan
piraso (pambilang ng bagay)
상자를 열 개 가져오세요.
Magdala ka ng sampung kahon.

번
beon pangngalan
numero (No.); beses
3번 기계를 쓰세요.
Gamitin ang makina No. 3.

🏛️ Transportasyon at mga opisina ng gobyerno 16 salita

고용센터
goyongsenteo pangngalan
Employment Center (pampublikong job center)
고용센터는 몇 시에 문을 열어요?
Anong oras nagbubukas ang Employment Center?

출입국관리사무소
churipgukgwallisamuso pangngalan
immigration office
비자는 출입국관리사무소에서 연장해요.
Sa immigration office nag-e-extend ng visa.

외국인 등록증
oegugin deungnokjeung pangngalan
alien registration card (ARC)
외국인 등록증을 항상 가지고 다니세요.
Laging dalhin ang alien registration card mo.

여권
yeogwon pangngalan
pasaporte
여권을 잃어버렸어요.
Nawala ang pasaporte ko.

대사관
daesagwan pangngalan
embahada
여권을 잃어버리면 대사관에 연락하세요.
Kapag nawala ang pasaporte mo, kontakin ang embahada.

은행
eunhaeng pangngalan
bangko
은행에서 통장을 만들었어요.
Nagbukas ako ng bank account sa bangko.

송금
songgeum pangngalan
padala; remittance
고향에 송금하고 싶어요.
Gusto kong magpadala ng pera sa pamilya ko sa Pilipinas.

우체국
ucheguk pangngalan
post office
우체국에서 소포를 보냈어요.
Nagpadala ako ng package sa post office.

사무실
samusil pangngalan
opisina
사무실에 가서 서류를 받으세요.
Pumunta ka sa opisina at kunin ang mga dokumento.

버스
beoseu pangngalan
bus
회사 버스가 7시에 와요.
Alas-7 dumarating ang bus ng kumpanya.

지하철
jihacheol pangngalan
subway
지하철을 타고 시내에 가요.
Sumasakay ako ng subway papunta sa downtown.

정류장
jeongnyujang pangngalan
(bus) stop; sakayan
버스 정류장은 공장 앞에 있어요.
Nasa harap ng pabrika ang bus stop.

기차역
gichayeok pangngalan
istasyon ng tren
기차역까지 어떻게 가요?
Paano pumunta sa istasyon ng tren?

타다
tada pandiwa
sumakay
여기에서 버스를 타세요.
Dito ka sumakay ng bus.

갈아타다
garatada pandiwa
lumipat ng sasakyan (bus o tren)
다음 역에서 2호선으로 갈아타세요.
Lumipat sa Line 2 sa susunod na istasyon.

길
gil pangngalan
daan
길을 잃어버렸어요. 도와주세요.
Naliligaw ako. Tulungan po ninyo ako.

🌈 Mga kapaki-pakinabang na pang-uri at pang-abay 16 salita

무겁다
mugeopda pang-uri
mabigat
이 상자는 너무 무거워요.
Sobrang bigat ng kahong ito.

가볍다
gabyeopda pang-uri
magaan
이건 가벼워서 혼자 들 수 있어요.
Magaan ito kaya kaya kong buhatin nang mag-isa.

위험하다
wiheomhada pang-uri
delikado; mapanganib
기계 안에 손을 넣으면 위험해요.
Delikadong ipasok ang kamay sa loob ng makina.

안전하다
anjeonhada pang-uri
ligtas
오늘도 안전하게 일합시다.
Magtrabaho tayo nang ligtas ngayong araw.

시끄럽다
sikkeureopda pang-uri
maingay
공장이 시끄러워서 잘 안 들려요.
Maingay sa pabrika kaya hindi ko masyadong marinig.

더럽다
deoreopda pang-uri
marumi
작업복이 더러워요. 빨아야 해요.
Marumi na ang damit-pantrabaho ko. Kailangan ko itong labhan.

깨끗하다
kkaekkeutada pang-uri
malinis
작업장을 깨끗하게 청소하세요.
Linisin nang mabuti ang work area.

힘들다
himdeulda pang-uri
mahirap; nakakapagod
일이 힘들지만 괜찮아요.
Mahirap ang trabaho, pero okay lang ako.

바쁘다
bappeuda pang-uri
busy; abala
요즘 주문이 많아서 바빠요.
Busy kami ngayon kasi maraming order.

빨리
ppalli pang-abay

mabilis; bilisan

시간이 없어요. 빨리 하세요.

Wala nang oras. Bilisan mo.

천천히
cheoncheonhi pang-abay

dahan-dahan

지게차는 천천히 운전하세요.

Dahan-dahan lang sa pagmamaneho ng forklift.

조금
jogeum pang-abay

kaunti; sandali

조금만 기다려 주세요.

Sandali lang po, pakihintay.

많이
mani pang-abay

marami

오늘은 일이 많이 있어요.

Maraming trabaho ngayon.

꼭
kkok pang-abay

siguraduhing; talagang

내일은 꼭 8시까지 오세요.

Siguraduhing nandito ka bukas bago mag-alas-8.

같이
gachi pang-abay

sabay; magkasama

이거 같이 들어요.

Sabay nating buhatin ito.

다시
dasi pang-abay

ulit

불량이에요. 다시 만드세요.

Depektibo ito. Gawin mo ulit.